Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos
Dibisyon ng mga Karapatang Sibil

# Pambansang Pangangalaga Laban sa Diskriminasyon ng Lupang Tinubuan



# PAMBUNGAD

Labag sa mga pambansang batas ang diskriminasyon ng lahi, kulay, pananampalataya, kapansanan, kasarian, at kung may-asawa o wala. Labag sa batas na magtangi ng dahil sa lupang tinubuan, ninuno, kalinangan, o pananalita ng isang tao. Ang ibig sabihin nito ay hindi maaaring ipagkaila sa kanila ang pantay na pagkakataon dahil sa siya o ang kanyang angkan ay isinilang sa ibang bayan, dahil ang kanyang pangalan o pagsasalita ay nauugnay sa lupang tinubuan, dahil limitado siya sa kasanayan sa Ingles, o dahil sa siya ay sumasali sa mga kaugaliang nag-uugnay sa lupang tinubuan, o dahil sa siya ay may asawa o may kaugnayan sa mga taong tubo ng ibang bansa.

Nababahala ang Dibisyon ng mga Karapatang Sibil sa Kagawaran ng Katarungan na ang mga pangyayaring may kinalaman sa diskriminasyon ay hindi maipagbigay alam sa kanila sa kadahilanang hindi alam ng mg biktima na sila ay may mga karapatan alinsunod sa batas, o maaaring natatakot na dumulog sa pamahalaan. Kung sa inyong inaakala na ikaw, o ang isang kakilala, ay naging biktima ng diskriminasyon dahil sa kanyang lahi at nais na magkaroon ng kaalaman upang matupad ang iyong karapatan, dapat mong basahin ang lathalaing ito.

Ipinaliliwanag ng lathalaing ito ang mga batas na nagbabawal sa diskriminasyon ng lahi at nagbibigay ng mga halimbawa. Matatagpuan ang mga karagdagang kaalaman tungkol sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil at ang mga sangay nito sa Internet sa www.justice.gov/crt. Ipapaliwanag dito ang pakikipag-ugnayan sa Dibisiyon upang ipagbigay alam ang mga karaingan tungkol sa diskriminasyon.

## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN

Ang Dibisyon ng mga Karapatang Sibil sa Kagawaran ng Katarungan ang nagpapatupad ng mga pambansang batas sa diskriminasyon sa:

Pag-aaral
Paghahanapbuhay
Pamamahay
Pagpapautang
Pampublikong Tulong
Pagtupad ng Batas/Maling Gawain ng Pulisya
Paghahalal
Pambansang Tulong na mga Programa

Ang Dibisyon na ito ay nagpapatupad ng mga batas na nagbabawal sa diskriminasyon ayon sa kapansanan; kumakalinga din ito sa mga karapatan ng mga taong nanatili sa mga institusyon sa ilang mga estado o lokal na pasilidad; at nagsasakdal ng mga krimeng naudyokan ng dahil sa lahi, kulay, o lupang tinubuang ng biktima.

May mga pagkakataon na ang Dibisyon ay nasasangkot lamang kapag ang diskriminasyon ay madalas na ginagawa. Ang ibig sabihin nito ay mahigit sa isang beses na nagkaroon ng pagkakataon ng diskriminasyon, at may panuntunang nagpapahiwatig ng diskriminasyon.

## KRIMINAL NA PAGLABAG SA KARAPATANG SIBIL

* Isang binata na taga Timog Asya ang inatake habang siya ay paalis sa isang konsiyerto sa nayt klub. Ang umatake, kasapi ng pangkat ng skinhead, ay humiyaw ng mga pangantiyaw ng lahi habang binubugbog ng suntok at pinapalo ng tubo ang biktima hanggang sa ito ay mawalang malay sa paradahan ng klub.

* Sa pulong ng Ku Klux Klan, sinabi ng isang Klansman sa kanyang mga kasamahan na ang mga Mehikano at Puerto Rikans ay dapat "bumalik sa kanilang pinanggalingan". Sinunog nila ang isang krus sa harap ng mag-asawang Hispaniko upang takutin ang mga ito at mapilitan silang umalis sa lugar. Bago sunugin ang krus, ipinakita ng salarin ang isang baril at nagbigay ng isa pa sa isang kasamahan kung saka-sakaling pigilang sila ng mga biktima.

* Isang kompanyang Amerikano ang nangalap ng mga manggagawa mula sa isang maliit na pook sa Mehiko, at pinangakuan ang mga ito ng magandang hanapbuhay at magandang kabayaran. Patakas na naipasok ng kompanya ang mga Mehikano sa Amerika sa loob ng isang walang laman na trak. Nang makarating sa Amerika, tinakot ang mga manggagawa, at binalaan na sila ay papatayin kung sila ay magbalak umalis.

Ang mga halimbawang ito ay maaaring ituring na kriminal na paglabag sa mga batas sa mga karapatang sibil. Isinasakdal ng Seksyong Pang-Kriminal ng Dibisyon ng mga Karapatang Sibil ang mga taong naparatangang gumagamit ng kalupitan o karahasan upang mapanghimasukan ang mga pambansang karapatan ng isang tao dahil sa kanyang lupang tinubuan. Kabilang sa mga karapatang ito ang tungkol sa pabahay, paghahanap-buhay, pag-aaral, o paggamit ng mga pangmadlang kagamitan. Maaari ninyong maabot ang Seksyong Pang-Kriminal sa (202) 514-3204 o lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Criminal Section, PHB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## KARAPATANG PANG MAY KAPANSANAN

* Sinabi ng isang HMO na tumatanggap ng mga pasyenteng may Medicaid sa isang Mehikanang Amerikina na may kapansanang “cerebral palsy” na bumalik na lamang sa ibang araw upang makapanayam, samantalang ang iba pang mga naroroon ay napag-uukulan nito ng madaliang tulong at panahon.

Ang halimbawang ito ay maaring paglabag ng pambansang batas na nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa kapansanan at nagbabawal ng diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan. Kung sa iyong inaakala na ikaw ay itinanggi dahil sa ikaw ay may kapansanan maaari kang makipag-bigay alam sa “Disability Rights Section” sa (800) 514-0301 (boses) o (800) 514-0383 (TTY), o sa e-mail sa ada.complaint@usdoj.gov. Maari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice<br>
Civil Rights Division<br>
Disability Rights Section, NYA<br>
950 Pennsylvania Avenue, NW<br>
Washington, D.C. 20530

## PAG-AARAL

* Ang isang bata ay hirap na makapangusap sa Ingles, subalit ang kanyang paaralan ay hindi naman nagbibigay ng angkop na tulong upang siya ay matutong mag-Ingles at makapag-aral ng iba pang mga paksa.

* Ang isang paaralan na karamihan ng mag-aaral ay Haitian ay hindi nag-aalok ng klase para sa mga marurunong. Ang ibang paaralan sa pook na kakaunti ang mag-aaral na Haitian ay nag-aalok ng klase para sa mga marurunong at mga pagsulong na mga kurso.

* Hindi tumugon ang mga opisyal ng paaralan sa reklamo ng mga Asyang Amerikano tungkol sa madalas na pagbulway at pisikal na panliligalig ng kapareho nilang mag-aaral.

Ang mga halimbawang ito ay maaaring paglabag ng pambansang batas na nagbabawal ng diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan sa mga paaralang elementarya, mga mataas na paaralan (gitna at mataas na paaralan), at pampublikong mga kolehiyo at unibersidad. Ipinatutupad ng Sangay ng “Educational Opportunities” ang “Equal Educational Opportunities Act of 1974” na nagtatakda sa mga pang-edukasyong ahensiya ng mga estado at mga distrito ng paaralan na gumawa ng kaukulang pagkilos upang madaig ang hadlang sa wika sa mga mag-aaral ng “English Language Learner (ELL)” na makasaling sapat sa mga programang pang edukasyon. Ipinatutupad din ng Sangay na ito ang mga pambansang batas na nagpoprotekta sa mga mag-aaral sa panliligalig o sa kakaibang pagtrato base sa kanilang lupang tinubuan.

Upang maihayag ang karaingan o para sa iba pang kaalaman, pumunta sa website ng Sangay sa www.justice.gov/crt/edo/. Maaari ka ring makipag-ugnayan ng diretso sa Sangay sa telepono (202) 514-4092, o (877) 292-3804, o sa email sa education@usdjoj.gov. Maaari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Educational Opportunities Section, PHB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## PAGHAHANAP-BUHAY

* Ang isang tagapangasiwa ay madalas na nangangantiyaw sa isang manggagawa dahil ang angkan nito ay mula sa Iran. Noong nakaraang

linggo, ang tagapangasiwa ay naglagay ng masamang biro ng patalastas na nagsasabing huwang pagtiwalaan ang taong iyon dahil sa ito ay isang terorista.

* Ang isang babae na nagmula sa Rusiya ang naghanap ng trabaho bilang tagapag-tuos. Kahit na kaya nitong gampanan ang pangangailangan ng trabaho, siya ay hindi natanggap dahil sa siya ay may puntong magsalita.

* Sa isang pampagkaing kompanya, ang mga dayuhang aplikante ay kinakailangang magpakita ng katunayan na sila ay maaaring maghanapbuhay bago bigyan ang mga ito ng aplikasyon para sa trabaho, samantalang ang mga puti ay hindi na kinakailangang magpakita ng katunayan at agad na binibigyan ang mga ito ng aplikasyon para sa trabho. At higit pa, mas masusing sinisiyasat ang mga dokumento ng mga dayuhan manggagawa at mas madalas na hindi natatanggap kaysa sa mga puti.

Ang mga halimbawang ito ay maaring paglabag ng batas na nagbabawal sa diskriminasyon sa manggagawa o aplikante dahil sa kanyang lupang tinubuan. Ang ibig sabihin nito ay hindi maaaring parusahan, takutin, tanggalin sa trabaho, o pigilan ng maypatrabaho ang pag-tanggap o pag-asenso sa trabaho ng isang tao dahil sa kanyang lupang tinubuan.

Kung ikaw ay naniniwalang ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon mula sa isang may patrabaho, samahan ng manggagawa, o ahensiya ng manggagawa dahil sa iyong lupang tinubuan, makipag-ugnayan sa:

Equal Employment Opportunity Commission
(800) 669- 4000
*(Para sa mga kalakal na may 15 o higit pang manggagawa)*

Office of Special Counsel
(800) 255-7688

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Office of Special Counsel for Immigration-Related
Unfair Employment Practices, NYA
950 Pennsylvania Avenue, N.W.
Washington, D.C. 20530

osccrt@usdoj.gov
*(Para sa mga kalakal na may 4 hanggang 14 empleyado)*

Employment Litigation Section
(202) 514-3831

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Employment Litigation Section, PHB
950 Pennsylvania Avenue, N.W.
Washington, D.C. 20530
*(Para sa mga estado o lokal na pamahalaang nakagawiang magdiskrimina)*

Higit pa, ang isang may patrabaho ay maaaring lumalabag sa pambansang batas kapag tinutukoy nito kung anong katunayan ang kinakailangang ipakita para makapaghanapbuhay, tulad ng green card, o tinatanggihan ang mga katunayan mula sa mga aplikanteng nagmula sa ibang bansa. Para sa higit na kaalaman o para dumaing, makipag-ugnayan sa "Office of Special Counsel" sa lugar na nakatala sa itaas o sa teleponong nakatala.

## PAMAMAHAY

* Isang katutubong pamilyang mula sa Hawaii ang naghahanap ng paupahan. Sila ay sinabihan ng ahente ng paupahan na wala silang makukuha, kahit

na may mga paupahang magagamit at ang mga ito ay ipinakikita sa mga puting aplikante.

* Isang ahente ang nagpakita sa isang pamilyang Latino ng mga bahay na matatagpuan sa mga pook na ang karamihan ay mga Latino lamang at ayaw ipakita sa pamilya ang mga bahay sa kapitbahayan na ang karamihan ay mga puti.

Ang mga halimbawang ito ay maaring paglabag ng pambansang “Fair Housing Act”. Ang batas na ito ay nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan, lahi, kulay, kasarian, pananampalataya, kapansanan o kung may asawa o wala (kasama ang mga anak na bata sa hanggang 18 taong gulang) sa pamamahay. Ang pansariling karaingan ng diskriminasyon ay maaaring ipag-bigay alam sa “Department of Housing and Urban Development (HUD)” sa (800) 669-9777. Kung sa palagay mo ay madalas na kagawian ang diskriminasyon, makipag-ugnayan sa “Housing and Civil Enforcement Section” sa telepono (202) 514-4713 o (800) 896-7743, o sa email sa fairhousing@usdoj.gov. Maaari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Housing and Civil Enforcement Section, NWB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## PAGPAPAUTANG

* Ang isang Latina ay nasisingil ng mas mataas na tubo at mas mataas na bayad kaysa sa mga puting lalaking kostomer na may katulad na kalagayang pinansiyal at humihiling ng katulad na utang.

Ang halimbawang ito ay maaaring paglabag ng pambansang batas na nagbabawal ng diskriminasyon sa pangungutang dahil sa lupang

tinubuan, lahi, kulay, kasarian, pananampalataya, kapansanan, edad, may asawa o wala o sa kadahilanang ang anumang kinikita ng tao ay nagmula sa pangmasang tulong o dahil ang tao ay ginawa ang kanyang karapatan na protektado sa ilalim ng "Consumer Credit Protection Act". Kung ang utang ay para sa pamamahay, pagpapabuti ng kabahayan, o para sa ibang bagay na nauukol sa kabahayan, maaari mong idulog ang iyong kadaingan sa "Department of Housing and Urban Development" sa (800) 669-9777. Kung ang utang ay para sa ibang dahilan maliban sa kabahayan (tulad ng pangsasakyan), maari mong idulog ang iyong karaingan sa ahensiyang nangangasiwa sa mga nagpapautang, ang "Federal Trade Commission" o sa tanggapan ng "Attorney General" sa iyong estado. Maaari mo ring tawagan ang "Housing and Civil Enforcement Section" sa (202) 514-4713 o (800) 896-7743, o sa email sa fairhousing@usdoj.gov, upang makakuha ka ng iba pang kaalaman tungkol sa iyong mga karapatan o upang idulog ang iyong karaingan. Maari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Housing and Civil Enforcement Section, NWB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## PAMPUBLIKONG TULONG

* Sa isang kainan, isang pangkat ng mga Asyang Amerikano ang naghihintay ng mahigit sa isang oras upang mapagsilbihan, samantalang ang mga puti at Latinong kostomer ay agad na napagsilbihan.

* Ang mga galing Hayting Amerikano na nanunuluyan sa isang hotel ay sinabihan na dapat silang magbayad ng salaping hawak kaysa sa kredit kard, at magbayad ng mas mataas na tubo kaysa sa

ibang kostomer, at hindi nabigyan ng kaparehong mga kagamitan tulad ng tuwalya at sabon.

Ang mga halimbawang ito ay maaring paglabag sa pambansang batas na nagbabawal sa diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan, lahi, kulay, o pananampalataya sa mga pampublikong tuluyan. Kabilang sa pampublikong tuluyan ang mga otel, kainan, at mga lugar ng pang-aliw. Kung ikaw ay naniniwalang natanggihan ka ng pantay na pangkaligayahan sa isang pampublikong tuluyan kung saan may naganap na diskriminasyon, makipag-ugnayan sa “Civil Enforcement Section” sa (202) 514-4713 o (800) 896-7743, o sa email sa fairhousing@usdoj.gov. Maaari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Housing and Civil Enforcement Section, NWB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## MGA MALING GAWAIN NG PULISYA

* Madalas hulihin ng mga pulis ang mga sasakyan na minamaneho ng mga Latino dahil sa paglabag sa batas trapiko. Ngunit madalang hulihin ang mga puti para sa katulad na paglabag.

* Nagagalit ang isang pulis na opisyal kapag tinatanong ang isang lalaking Vietnamese sa lansangan na hindi makasagot dahil hindi marunong mag-Ingles. Ito ay aarestuhin sa dahilang “walang kaayusang pagkilos”.

Ang mga hamlimbawang ito ay paglabag sa “Equal Protecton Clause” ng Konstitusyon ng Estados Unidos. Ito ay maaari ring paglabag sa “Omnibus Crime Control and Safe Streets Act of 1968”. Ang batas na ito ay nagbabawal sa sangay ng pulisya na tumatanggap ng pondo sa pamamagitan ng

Kagawaran ng Katarungan ang magkaroon ng diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan, kulay, relihiyon, o kasarian. Ito rin ay maaaring paglabag sa Talatas VI ng “Civil Rights Act of 1964”, na nagbabawal ng diskriminasyon sa anumang sangay ng batas na tumatanggap ng pananalaping tulong, kasama na rin ang pagka-kawalan ng karapatan sa mga ari-ariang may halaga. Kasama dito ang karamihan sa mga estado at mga ahensiyang local na nagpapatupad ng batas.

Idulog ang pansariling karaingan ng anumang diskriminasyon sa “Federal Coordination and Compliance Section” sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Federal Coordination and Compliance Section, NWB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

o makipag-ugnayan sa “Federal Coordination and Compliance Section” sa (888) 848-5306 o (202) 307-2678 (TDD).

Maaari ring idulog ang pansariling karaingan ng diskriminasyon sa “Office of Justice Programs” sa “Office for Civil Rights, Office of Justice Programs, U.S. Department of Justice, Washington, D.C. 20531”, o tumawag sa “Office of Justice Programs” sa (202) 307-0690.

Ang “Special Litigation Section” ay nagsisiyasat at nagsasakdal ng mga karaingang nauugnay sa gawaing diskriminasyon ng mga pulis ayon sa lupang tinubuan. Upang maidulog ang karaingan, makipag-ugnayan sa “Special Litigation Section” sa (202) 514-6255 o (877) 218-5228 o sumulat sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Special Litigation Section, PHB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

## MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA NAKABILIBID AT NASA PAGAMUTANG PANG-KAISIPAN

* Ang bilangguan ay hindi nagsasalin sa ibang wika ng mga paglilitis ng mga bilanggo na hindi marunong magsalita ng Ingles.

* Ang pagamutang pangkaisipan ay walang paraan na makapagbigay lunas sa mga taong hindi marunong mag-Ingles.

Ang mga halimbawang ito ay maaaring paglabag sa "Equal Protection Clause" ng Konstitusyon ng Estados Unidos. Ang "Special Litigation Section" ay nagpapatupad sa karapatang konstitusyon ng mga taong nakakulong sa mga institusyon sa estado o lokal na pamahalaan, tulad ng bilangguan, sentrong piitan bago sa paglilitis, bahay-pagpapabuti para sa mga kabataan, pampublikong bahay kalinga, bahay pangkaisipang-kalusugan, at mga institusyon para sa mga taong may kapansanan sa kaisipan o kapansanan sa pag-unlad.

Kung kayo ay naninirahan sa anumang lugar na nabanggit at naniniwala kayo na mayroong gawaing diskriminasyon ayon sa inyong lupang tinubuan, makipag-ugnayan sa "Special Litigation Section" sa telepono (202) 514-6255, o (877) 218-5228. Maaari din sumulat sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Special Litigation Section, PHB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, DC 20530

## PAMBANSANG TULONG NA MGA PROGRAMA

* Ang pamahalaang lokal ng panlipunang katiwasayan ay hindi nagbibigay ng kaalaman o pagsasanay sa hanapbuhay sa wikang Koryano, kahit na karamihan sa mga lokal na nakatira ay mga Koryanong nakakapagsalita lamang sa sariling wika.

* Sa isang ospital sa isang lugar na malaki ang populasyon ng mga Latino, ang mga empleyado sa isang "outpatient clinic" ay karaniwang nagbibiro, pinupuna ang mga pananalita, at kung minsan ay inaantala ang serbisyo sa mga Latinong pasyente. Ang mga pasyeteng Latino ay pinagsabihan na kinakailangan nilang mag-dala ng sariling tagapagsalin ng wika bago sila makapagpatingin sa manggagamot.

Ang mga halimbawang ito ay maaaring paglabag sa pambansang batas na nagbabawal sa mga kinauukulan na tumanggap ng pambansang pondo mula sa pamahalaan ang magkaroon ng diskriminasyon dahil sa lupang tinubuan, lahi o kulay. Kung sa iyong paniwala ay naging biktima ka ng diskriminasyon mula sa isang estado o lokal na ahensiya ng pamahalaan o isang organisasyon na tumatanggap ng pondo mula sa pambansang pamahalaan, maaaring idulog ang karaingan sa "Division's Federal Coordination and Compliance Section" sa telepono bilang (888) 848-5306 o (202) 307-2678 (TDD). Maaari ka ring lumiham sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Federal Coordination and Compliance Section, NWB
950 Pennsylvania, NW
Washington, D.C. 20530

Ang “Federal Coordination and Compliance Section” ang magpapa-abot sa kinauukulang pambansang ahensiyang pumopondo para sa mga ganitong uri ng karaingan.

## PAGHAHALAL

* Hinananapan ng mga pinuno ng halalan ang mga botanteng iba ang kulay, may punto sa pananalita, at ang mga botanteng naiiba ang pangalan at apelyido, na magpakita ng katunayan na sila ay mga Amerikano, subalit ang ganitong mga katunayan ay hindi kinakailangang ipakita ng mga ibang botante.

* Sa isang malaking pook na karamihan ng mga mamboboto ay may wikang Kastila, hindi dinidinig ng mga pinuno ng halalan ang kahilingan ng mga Espanyol na sila ay mabigyan ng mga sinanay na mga manggagawang nakakapagsalita sa wikang Kastila at sapat na lathalaing panghalalan sa kanilang wika, pati na ang papeles sa pagpapatala at balota, o payagan ang mga botanteng may limitadong kaalaman sa Ingles na makapagdala ng tagapagsalin sa lugar ng botohan.

Maaaring gumawa ng pagkilos ang “Voting Section” upang iwasto ang mga isyu na ibinigay sa mga halimbawang ito. Ipinagbabawal ng Pambansang batas ang ibat-ibang uri ng diskriminasyon sa pagboto, kasama rito ang pagtutok, pananakot at panliligalig sa mga botante base sa kanilang lahi, kulay o dahil sa kanilang wika. Higit pa, ang pambansang batas ay nag-uutos sa ibang mga nasasaklaw na magbigay ng mga materyales pang-eleksiyon sa wikang minorya at tulong sa wika upang ang may kakulangan sa pag-intinde sa Ingles na botante ay makaboto ng maayos. Ang mga batas na ito ay nagbibigay din sa mga botante na nangangailangan ng tulong sa pagbabasa ng balota o iba pang materyales sa

eleksiyon na magkaroon ng karapatang pumili sa taong makakatulong sa kanila (maliban sa kinatawan ng kanilang maypatrabaho o unyon). Isa pang karagdagan, ang mga pambansang tagamasid o tauhan ng "Voting Section" ay maaaring manmanan ang mga gawi sa araw ng eleksiyon upang matugunan ang mga alalahanin tungkol sa diskriminasyon sa proseso ng pagboto at kakulangan sa wikang minorya. Maaari ring gumawa ng pagkilos ang Seksyon upang matugunan ang paraan ng eleksiyon, katulad ng malawakan o planong pang-distrito, na may kinalaman sa lakas ng botong minorya.

Kung kayo ay naniniwala na kayo ay naging biktima ng diskriminasyon laban sa pag-boto o hindi nabigyan ng tulong sa pag-boto, maaaring makipag-ugnayan sa "Division's Voting Section" sa (800) 253-3931 o sa email sa voting.section@usdoj.gov. Maaaring rin kayong lumiham sa sa:

U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
Voting Section, NWB
950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530

Sa oras na tumawag ka sa saanmang opisinang nakatala dito, ikaw ay sasagutin sa wikang Ingles. Kung kakailanganin mo ng tagapagsalin ng wika, ipagbigay alam sa tagasagot ng telepono kung anong wika ang iyong kakailanganin. Ang tagasagot ng telepono ay maghahanap ng tagasalin ng wika, at sa panahong ito ay kinakailangan kang paghintayin. Huwag lamang ibaba ang telepono. Sa pamamagitan ng serbisyo ng tagasalin ng wika, kami ay may kakayahang tumulong sa mga tumatawag sa lahat ng wika.

Nota: Sa mga taong may kapansanan, ang lathalaing ito ay maaaring matanggap sa malalaking titik, “audio tape”, “computer disc” at Braille.

Malaya kang kumopya ng lathalaing ito.

Nilathala Agosto 2010

# Federal Protections Against National Origin Discrimination

## Tagalog

www.justice.gov/crt




**United States Department of Justice**
Civil Rights Division

950 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, D.C. 20530